

Information for women about family history of breast cancer and ovarian cancer

Impormasyon para sa kababaihan tungkol sa kasaysayan ng pamilya sa kanser sa suso at kanser sa obaryo

Bakit nangyayari ang kanser sa suso o obaryo?

Paminsan-minsan ang ilang mga gene, na karaniwang nagpoprotekta laban sa kanser, ay nagkakaroon ng depekto. Nagiging sanhi ito upang ang mga selula ay lumago nang walang kontrol, na humahantong sa kanser. Ang mga genetic na depektong ito, na nangyayari sa buong buhay, ay hindi namamana. Nangyayari ito nang mas madalas sa mga mas may edad na kababaihan. Ang mga dahilan nito ay hindi pa ganap na nauunaw aan.

Ano ang pagkakataon ng babae upang magkaroon ng kanser sa suso o obaryo?

Ang lahat ng babae ay may pagkakataong magkaroon ng kanser sa suso o obaryo sa isang bahagi ng kanilang buhay. Ang panganib ng pagkakaroon ng alinmang kanser ay tumataas habang tumatanda.

- Humigit-kumulang 1 sa 11 babae ay magkakaroon ng kanser sa suso bago ang edad na 75
- Humigit-kumulang 1 sa 120 babae ay magkakaroon ng kanser sa obaryo bago ang edad na 75
- Karamihan sa mga babaeng magkakaroon ng kanser sa suso o obaryo ay higit sa edad na 50

Ano ang mga risk factor (kadahilanan ng panganib) para sa kanser sa suso o obaryo?

May maraming bagay, na tinatawag na mga risk factor, na makakadagdag sa pagkakataon ng babae upang magkaroon ng kanser sa suso o obaryo. Ang pagiging babae, pagtaas ng edad at kasaysayan ng pamilya ay pangunahing mga risk factor.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga risk factor para sa kanser sa suso o obaryo, bumisita sa www.canceraustralia.gov.au

Ano ang ibig sabihin ng isang kasaysayan ng pamilya sa kanser sa suso o obaryo?

Ang kasaysayan ng pamilya sa kanser sa suso o obaryo ay nangangahulungang pagkakaroon ng isa o higit pang mga kamag-anak sa dugo na mayroon, o nagkaroon, ng kanser sa suso o obaryo. Ang mga kamag-anak na ito ay maaaring nasa panig ng ama o sa panig ng ina ng pamilya.



Dahil pangkaraniwan ang kanser sa suso, maraming mga babae ay nagkataong magkakaroon ng kasaysayan ng pamilya. Subalit, ang ilang mga babaeng may kasaysayan ng pamilya ay maaaring namana ang isang gene na may depekto na nagpapadagdag sa panganib ng kanser. Ang mga babaeng pinakamalamang na nagmana ng isang gene na may depekto ay yaong mayroong pinakamatibay na kasaysayan ng pamilya sa kanser sa suso o obaryo.

Ang pag-unawa sa kasaysayan ng iyong pamilya sa kanser sa suso o obaryo ay makapagbigay ng indikasyon sa iyong pagkakataong magkaroon ng alinman sa sakit:

- karamihan sa mga babae ay may malapit sa pangkaraniwang pagkakataon para sa populasyong Australyano.
- ang ilan sa mga babae ay may katamtamang karagdagang pagkakataon
- kaunting mga babae ay may malaking pagkakataon

Ang isang babae ay malamang na may mataas na panganib sa pagkakaroon ng alinman sa kanser sa suso o obaryo kung siya ay may:

1. Tatlo o higit pang kalapit na mga kamag-anak sa parehong panig ng pamilya na mayroong kanser sa suso o obaryo.

O 2. Dalawa o higit pang kalapit na mga kamag-anak sa parehong panig ng pamilya (sa panig ng ina o sa panig ng ama) na mayroong kanser sa suso o obaryo, dagdag pa ang isa o higit pa sa sumusunod na mga katangian sa parehong panig ng pamilya:

- karagdagang (mga) kamag-anak na may kanser sa suso o obaryo
- kanser sa suso at obaryo sa parehong tao
- kanser sa suso bago ang edad na 40
- kanser sa suso sa dalawang suso
- kanser sa suso sa isang lalaking kamag-anak
- liping Hudyo

O 3. Tatlo o higit pang kalapit na mga kamag-anak sa parehong panig ng pamilya na mayroong kolorektal na kanser, kanser sa matris, kanser sa sikmura at mga kanser na kasangkot ang renal tract (mga bahagi ng katawan na nauugnay sa pagbuo, pag-imbak at pagpapalabas ng ihi) (posibleng namamanang non-polyposis na kolorektal na kanser o Lynch Syndrome)

O 4. Isang miyembro ng pamilya na nagkaroon ng isang genetic na pagsusuri na nagpapakita na namana niya ang isang depekto sa gene na kaugnay sa kanser sa suso o obaryo.

Ang pagmana ng depekto sa gene ng kanser sa suso o obaryo

Ang kanser sa suso o obaryo na dulot ng pagmana ng isang gene na may depekto ay tinatawag na namanang kanser (hereditary cancer). Lahat tayo ay nagmana ng pangkat ng mga gene mula sa bawat isa sa ating mga magulang. Paminsan-minsan may depekto sa isang kopya ng gene na tumitigil sa maayos na paggana ng gene na iyon. Ang depektong



ito ay tinatawag na mutation. May ilang mga gene kung saan ang mga namanang depekto ay maaaring sangkot sa pagbuo ng kanser sa suso o obaryo. May mga gene na karaniwang humahadlang sa pagkakaroon ng babae ng kanser sa suso o obaryo.

Ang ilan sa mga gene na ito na maaaring narinig mo na ay tinatawag na BRCA1 at BRCA2. Ang kanilang mga pangalan ay mula sa pagpapaikli ng "breast cancer one" at "breast cancer two" Kapag ang babae ay nakamana ng isang depekto sa isa sa mga gene na ito, mayroon siyang mataas na pagkakataong magkaroon ng kanser sa suso o obaryo; bagaman hindi ito nangangahulugang tiyak na magkakaroon siya ng kanser.

Humigit-kumulang 5% ng lahat ng mga kanser sa suso at hanggang sa 15% ng sumasalakay na kanser sa obaryo (invasive ovarian cancer) ay maaaring maipaliwanag sa pamamagitan ng isang namanang depekto sa gene sa BRCA1 o BRCA2.

Ang isang babaeng may depekto sa gene sa BRCA1 o BRCA2 na natuklasan sa genetic na pagsusuri ay may mataas na panganib ng pagkakaroon ng kanser sa suso o obaryo. Maaaring magtaglay ang mga lalaki ng mga depekto sa gene na ito.

Maagang pagtuklas - ano ang magagawa mo

Kung mas maagang matuklasan ang kanser, malamang na mas matagumpay ang kalalabasan nito. Kung kaya't, nirekomenda na:

Kanser sa suso

- ang mga babae sa lahat ng edad, kahit dumalo man sila sa mammographic na pagsasala o hindi, ay batid kung ano ang normal na hitsura at pakiramdam ng kanilang mga suso at kaagad na mag-uulat ng anumang bago o hindi pangkaraniwang mga pagbabago sa kanilang general practitioner (pangkalahatang doktor).
- ang mga babaeng 50-69 taong gulang ay dadalo sa programang BreastScreen Australia para sa mga libheng pagsasalang mammogram bawat dalawang taon. Ang mga babaeng 40-49 taong gulang ay karapat-dapat rin para sa Programang ito, pero ang mammographic na pagsasala sa karaniwang populasyon (population mammographic screening) ay hindi nirekomenda para sa mga babaeng mas bata sa 40 taong gulang. (Para sa appointment para sa BreastScreen, tumawag sa 13 20 50 mula sa saan man sa Australia).
- ang mga babaeng may mataas na panganib ng kanser sa suso ay maaaring payuhang magsimula sa pagsasala sa mas batang edad, at sa mas madalas na pagitan, kaysa doon sa mga may panganib na karaniwan sa populasyon.

Kanser sa obaryo

- ang mga babae ay kukunsulta sa kanilang GP kapag mayroon silang nagpapatuloy na mga sintomas na hindi karaniwan para sa kanila katulad ng pananakit sa tiyan o pelvis, pagbubundat, hindi maipaliwanag na pagkabawas o pagdagdag ng timbang, o labis na kapaguran.



Dagdag pa, para sa mga babaeng may kasaysayan ng pamilya

Ang mga babaeng nababahala tungkol sa kasaysayan ng kanilang pamilya ay maaaring makipag-usap sa kanilang general practitioner. Maaaring mas angkop para sa ilang mga babae na may matibay na kasaysayan ng pamilya sa isangguni sa isang klinika ng kanser sa pamilya. Ang mga klinikang ito ay maaaring:

- magbigay ng impormasyon tungkol sa panganib ng isang tao sa pagkakaroon ng kanser
- magbigay ng tantiya sa posibilidad ng pagtataglay ng isang namanang mutation sa isang gene na maglalantad sa kanser (cancer-predisposing)
- magbigay ng payo tungkol sa mga posibleng estratehiya na maaaring makatulong sa pagbabawas sa panganib ng kanser
- magbigay ng payo at suporta
- magtalakay tungkol sa kung anong mga medikal na check-up ang maaaring angkop
- kung angkop, magtalakay tungkol sa mga limitasyon, mga potensiyal na benepisyo, at mga posibleng kahihinatnan ng genetic na pagsusuri.

Maaari mong malaman ang dagdag pa tungkol sa kanser sa suso at obaryo sa pamamagitan ng pagbisita sa www.canceraustralia.gov.au

© Cancer Australia 2011

FHIC(t)

